

Marso 4, 2022

Kautusang Tagapagpaganap 2022-07

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2022-07
(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 102)

SAPAGKAT, mula noong Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 3,037,000, at kumitil ng buhay ng higit sa 32,900 na mga residente; at,

SAPAGKAT, habang patuloy na tumutugon ang Illinois sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubha at matinding karamdaman sa paghinga na mabilis na kumakalat sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, ang pasanin sa mga residente, mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga unang tagatugon, at mga pamahalaan sa buong Estado ay walang uliran; at,

SAPAGKAT, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

SAPAGKAT, maraming variant ang lumitaw sa panahon ng pandemya, bawat isa ay may iba't ibang paghawa at antas ng kalubhaan; at,

SAPAGKAT, ang paghula sa kung ano ang mangyayari sa hinaharap sa pandemyang ito ay isang mahirap na trabaho, at ang mga napatunayang mitigasyon sa pandemya tulad ng pisikal na pagdidistansya, mga pantakip sa mukha at iba pang pag-iingat sa pampublikong kalusugan na mahalaga sa pagbagal at pagtigil ng pagkalat ng COVID-19 ay maaaring kailanganin muli; at,

SAPAGKAT, ang Estado ng Illinois ay nakakita ng malaking pagbabago sa mga nakalipas na linggo ng mga pagpapaospital at paghawa; at,

SAPAGKAT, ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay naglabas ng binagong patnubay noong Pebrero 25, 2022 upang alisin ang rekomendasyon nito para sa unibersal na pagsusuot ng mask sa loob, kasama ang mga setting ng K-12; at,

SAPAGKAT, ang patnubay na iyon ay nagbigay ng balangkas para sa pagtatantiya ng mga antas ng COVID-19 sa komunidad batay sa mga pagkakaospital dahil sa COVID-19, pagkakaroon ng kama para sa inpatient, at bilang ng mga kaso ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang gabay ng CDC ngayon ay nagrerekomenda lamang ng unibersal na pagsusuot ng mask sa mga komunidad na may mataas na antas ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, patuloy na nagpapayo ang CDC na ang ilang mga setting ng komunidad, tulad ng mga paaralan at mga komunal na setting na may mataas na panganib ay maaaring mangailangan

ng karagdagang mga layer ng pag-iingat batay sa mga katangian ng setting at kung sakaling magkaroon ng outbreak; at,

SAPAGKAT, kahit na walang utos ng Estado, maaaring piliin ng mga K-12 na paaralan, mga pasilidad ng pangangalaga ng bata, at iba pang mga setting na hilingin sa mga indibidwal na magsuot ng mga face mask batay sa antas ng COVID-19 sa komunidad at iba pang mga katangian ng setting; at,

SAPAGKAT, ang ilang mga employer ay pumasok sa mga collective bargaining agreement na patuloy na nag-aatas sa mga indibidwal na magsuot ng face mask sa ilang partikular na setting; bilang karagdagan sa iba pang mga hakbang sa mitigasyon; at,

SAPAGKAT, patuloy na inirerekomenda ng CDC na ikonsidera ng mga indibidwal na immunocompromised o nasa mataas na panganib para sa malubhang sakit ang pagsusuot ng angkop na mask sa loob ng mga pampublikong lugar kapag mataas ang antas ng COVID-19 sa komunidad; at,

SAPAGKAT, patuloy na inirerekomenda ng CDC na magsuot ng mask ang mga tao na may mga sintomas, positibong test, o pagkaka-expose sa isang tao na may COVID-19; at,

SAPAGKAT, maaaring piliin ng mga indibidwal na magsuot ng mask anumang oras upang maprotektahan ang kanilang sarili o ang mga nakapaligid sa kanila mula sa pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang Kautusang Tagapagpaganap 2022-03 ay nagpataw ng mga kinakailangan sa mga paaralan upang ibukod ang mga nakumpirma, posible, at malapit na kontak ng mga kaso ng COVID-19, na naaayon sa gabay ng CDC; at,

SAPAGKAT, dahil sa patuloy na pagbaba ng bilang ng pagiging positibo at pagkakaospital sa COVID-19, nabatid kong hindi na kailangan na palawigin ang Kautusang Tagapagpaganap 2022-03; at,

SAPAGKAT, ang mga paaralan ay patuloy na may matagal nang awtoridad na tugunan ang nakumpirma, pinaghihinalaan, at mga kontak ng mga kaso ng nakakahawang sakit, kabilang ang COVID-19, na hiwalay sa Kautusang Tagapagpaganap 2022-03; at,

SAPAGKAT, patuloy na inirerekomenda ng patnubay ng CDC na ang mga indibidwal na hindi up-to-date sa mga pagbabakuna sa COVID-19 o nasa loob ng 90 araw ng impeksyon sa COVID-19 ay manatili sa bahay at mag-quarantine nang hindi bababa sa 5 araw pagkatapos ng pagkaka-expose sa COVID-19 at magsuot ng mask hanggang ika-10 araw; at,

SAPAGKAT, patuloy na inirerekomenda ng patnubay ng CDC na ang mga indibidwal na nagpositibo sa COVID-19 ay manatili sa bahay at mag-isolate nang hindi bababa sa 5 araw pagkatapos magpositibo at magsuot ng mask hanggang sa ika-10 araw; at,

SAPAGKAT, ang CDC ay patuloy na nagrerekomenda na ang mga mag-aaral, guro, at kawani ay dapat manatili sa bahay kapag mayroon silang mga palatandaan ng anumang nakakahawang sakit, kabilang ang COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang mga paaralan ay dapat na patuloy na makipagtulungan sa kanilang mga lokal na departamento ng kalusugan upang matukoy, alinsunod sa patnubay ng CDC, kung aling mga mag-aaral, guro, at kawani na may mga positibong resulta o pagkaka-expose sa COVID-19 ang dapat manatili sa bahay para sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad ng paaralan; at,

SAPAGKAT, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois sa paglipas ng mga Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, ang mga pangyayari na nagdudulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ang pagbuo ng mga tiyak na hula sa landas ng virus sa mga darating na buwan ay sadyang napakahirap; at,

SAPAGKAT, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng 32,900 na mga taga-Illinois at negatibong pinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang

COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

SAPAGKAT, maraming mga ehekutibong ahensya sa Estado ang patuloy na itinutuon ang kanilang limitadong pinagkukunang-yaman sa nagpapatuloy na tugon sa pandemya ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, noong Marso 4, 2022, bilang pagsasaalang-alang sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto nito sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, bilang tugon sa emerhensiyang epidemya at emerhensiya ng pampublikong kalusugan na inilarawan sa itaas, nakita ko na kinakailangang muling ilabas ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-04, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-15, 2020-20, 2020-21, 2020-23, 2020-24, 2020-26, 2020-27, 2020-30, 2020-36, 2020-45, 2020-50, 2020-68, 2021-03, 2021-12, 2021-18, 2021-22, 2021-28, 2021-31, at 2022-06 at isama ang mga SAPAGKAT na mga sugnay ng mga Kautusang Tagapagpaganap;

SAMAKATWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at naaayon sa mga kapangyarihan ng mga batas sa pampublikong kalusugan, iniutos ko ang mga sumusunod, simula Marso 4, 2022:

Bahagi 1: Muling Paglabas ng mga Kautusang Tagapagpaganap.

Ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-04, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-15, 2020-20, 2020-21, 2020-23, 2020-24, 2020-26, 2020-27, 2020-30, 2020-36, 2020-45, 2020-50, 2020-68, 2021-03, 2021-12, 2021-18, 2021-22, 2021-28, 2021-31, at 2022-06 ay muling inilabas bilang mga sumusunod:

Kautusang Tagapagpaganap 2020-04 (Pagwawaksi ng sick leave requirement para sa mga empleyado ng Estado):

Ang Seksyon 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-04 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-09 (Telehealth):

Ang mga Seksyon 9 at 10 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-09, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-15, ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-11 (Panahon ng Abiso ng Kagawaran ng Pagwawasto ng Illinois):

Ang Seksyon 4 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-11 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 (Mga pagsusuri sa pinanggalingan ng mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan; panahon ng abiso ng Kagawaran ng Hustisya para sa Kabataan ng Illinois):

Ang mga Seksyon 1 at 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-15 (Pagsuspinde sa mga probisyon ng Illinois School Code):

Ang mga Seksyon 5, 6, 7, 8, at 9 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-15 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 (Mga kinakailangan sa tulong publiko):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang Abril 2, 2022.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-21 (Pamamahinga ng mga bilanggo sa Kagawaran ng Pagwawasto ng Illinois):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-21 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang Abril 2, 2022.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 (Ang mga aksyon ng Kagawaran ng Pinansiyal at Regulasyon sa Propesyon ng Illinois para sa mga lisensyadong propesyonal na nakikibahagi sa pagtugon sa kalamidad):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang Abril 2, 2022.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-24 (Programang Porensikong Paggamot ng Kagawaran ng Serbisong Pantao ng Illinois):

Ang mga Seksyon 1 at 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-24 ay muling inilabas at pinalawig hanggang Abril 2, 2022.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-26 (Kapasidad ng ospital):

Ang mga Seksyon 1, 2(a), (d), (f), at (g), 3, 5, 6, 7, 8, 9, at 10 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-26, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2022-04, ay muling inilabas at pinalawig hanggang Abril 2, 2022.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-27 (Mga bangkay na nagpositibo sa COVID-19):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-27 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang Abril 2, 2022.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-30 (Mga walang bisa na dokumento ng consular identification; elektronikong pag-file para sa Komisyon ng Karapatang Pantao ng Illinois):

Ang mga Seksyon 1, 4, 5, at 6 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-30 ay muling inilabas at pinalawig hanggang Abril 2, 2022.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-36 (Lisensya ng kasal):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-36 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang Abril 2, 2022.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-45 (Mga lisensya sa Cannabis):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-45 ay muling inilabas sa kabuuan nito at mananatiling may bisa tulad ng tinukoy sa Kautusang Tagapagpaganap 2020-45.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-50 (Pagpapatuloy sa mga paglilipat mula sa mga kulungan sa lalawigan papunta sa Kagawaran ng Pagwawasto ng Illinois):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-50 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang Abril 2, 2022.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-68 (Pagpapabago ng kard sa pagpapatala ng cannabis):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-68, na sinususugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-05, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-03 (Mga panrehiyong panukat ng mitigasyon):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-03 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-12 (Ikalimang Yugto ng muling pagbubukas):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-12, na sinususugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-15, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-18 (Mga hakbang sa mitigasyon):

Ang mga Seksyon 1(b), 2(b), 3, 4, at 5 ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-18, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-19, ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-22 (Mga kinakailangan sa pagbabakuna at pagsusuri):

Ang mga Seksyon 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8, at 9 ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-22, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-23, Kautusang Tagapagpaganap 2021-27, Kautusang Tagapagpaganap 2022-01, at Kautusang Tagapagpaganap 2022-05 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-28 (Mga kinakailangan sa pagbabakuna at pagsusuri para sa day care):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-28, na sinususugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-30, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-31 (Mga kinakailangan sa pagsususpende para sa mga social worker):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-31 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2022-06 (Mga kinakailangan sa pantakip sa mukha):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2022-06 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Abril 2, 2022**.

Bahagi 2: Pangligtas na Sugnay. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ituturing na walang bisa ng anumang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa nito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklara na maaaring ihiwalay.

JB Pritzker, Gobernador